

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 23

Paano Lumago ang Pagkatakot sa Dios sa ating Buhay

“1 Magkaingay kayong may kagalakan sa Dios, buong lupa. 2 Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan: paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya. 3 Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa! Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo. 4 Buong lupa ay sasamba sa iyo, at aawit sa iyo; sila'y magsisiawit sa iyong pangalan. (Selah) 5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios; siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain sa mga anak ng mga tao. 6 Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat: sila'y nagsidaan ng paa sa ilog: doo'y nangagalak kami sa kaniya. 7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man: papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa: huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik. (Selah) 8 Oh purihin ninyo ang ating Dios, ninyong mga bayan, at iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan: 9 Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay, at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa. 10 Sapagka't ikaw, Oh Dios, tinikman mo kami: Iyong sinubok kami na para ng pagsubok sa pilak. 11 Iyong isinuot kami sa silo; ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang. 13 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo; kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig; nguni't dinala mo kami sa saganang dako. 13 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran sa iyo ang mga panata ko. 14 Na sinambit ng aking mga labi, at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalambahatian. 15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin, na may haing mga tupa; ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. (Selah) 16 Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatakat sa Dios, at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa. 17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig, at siya'y ibinunyi ng aking dila. 18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon: 19 Nguni't katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin. 20 Purihin ang Dios, na hindi iniwaksi ang aking dalangin, ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin.” (Awit 66:1-20 KJV)

Ang awit na ito ay awit ng pasasalamat at pagbibigay papuri sa Dios para sa lahat ng dakilang mga bagay na nagawa ng Dios para sa lahat ng mga tao sa pangkalahatan at sa partikular para sa Kanyang kabutihan sa Kanyang simbahan at para sa natatangi Niyang bayan sa pagsagot sa kanilang mga panalangin at pagliligtas sa kanilang buhay.

“1 Magkaingay kayong may kagalakan sa Dios, buong lupa.” Ang lahat ay tinawag upang magkaingay sa Panginoon, ang buong lupain, at ang buong bansa, sapagkat Siya ay mabuti sa lahat ng mga tao; Nilikha Niya tayo at pinuspos Niya ang lahat ng bibig ng mabubuting bagay.

“2 Awitin ninyo ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan: paluwalhatiin ninyo ang pagpuri sa kaniya.” Awitin ng kaluwalhatian ang Kanyang pangalan, Siya ay karapat-dapat, sapagkat ang Kanyang kaligtasan, ang Kanyang kahatulan, ang Kanyang katuwiran, ang Kanyang kagalingan, at ang Kanyang mga himala. Ang lahat mg ito ay mabuting dahilan upang papurihan ang Panginoon.

“3 Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa! Sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ay magsisuko ang iyong mga kaaway sa iyo.” Sinabi ng Mang-aawit sa Dios. ***“napaka kakilakilabot ng iyong mga gawa!”*** Naunawaan ng Mang-aawit at napagtanto na kapag ang Dios ang kumilos ang Kanyang mga gawa ay kakilakilabot. Ang kakilakilabot na gawang iyon ng Dios ay may malaking kapangyarihan sa mga kaaway ng Dios, na kapag ang mga ito ay nalantad sa gayong kakilakilabot na kapangyarihan ng Dios at harapin ang Kanyang kakilakilabot na gawa ang mga ito ay mapipilitang ipasakop ang kanilang sarili sa Kanya at sa Kanyang kalooban.

“4 Buong lupa ay sasamba sa iyo, at aawit sa iyo; sila'y magsisiawit sa iyong pangalan. (Selah)” Ito ay isang hulang mensahe na ang lahat ng mga bansa sa huli'y sasamba sa Dios at pupurihin ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ang ating Panginoon. Ang ebanghelyo ay ipangangaral sa lahat ng bansa, ***“6 At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanqqan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan; 7 At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig.” (Pahaayag 14:6-7 KJV)*** Ang evangelio ay ipinangaral at ang mga kakilakilabot na gawa ng Dios ay mabibigay ng pagkatakot sa Dios sa lahat ng mga bansa, na sa huli'y magbibigay kaluwalhatian sa Kanya at sasamba sa Kanya. Kapag nagsimula silang matakot sa Dios, babasahin nila ang Kanyang Salita at aawit ng mga awit, magbibigay papuri sa Kanya at sasamba sa Kanya at maglilingkod sa Kanya.

“5 Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios; siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawain sa mga anak ng mga tao.” Kapag sinusunod natin ang gawa ng Dios ay mas magkakaroon tayo ng dahilan para

purihin ang Panginoon. Sa Talata 3 naunawaan ng Mang-aawit ang kakila kilabot na gawa ng Dios, at inaanyayahan niya ang iba at sinasabi sa kanila. ***“Kayo ay magsiparito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios;”*** Inanyahan ka na lumapit nang mabuti at siyasatin at tingnan ang mga kakilakilabot na gawa ng Dios, upang makilala mo ang mga kakilakilabot gawa at kapalit matapos mong maranasan iyon,

“Inyong sabihin sa Dios, napaka kakilakilabot ng inyong mga gawa!” Gaya ng sinabi ng Mang-aawit sa talata 3.

Ang ibang kahulugan ng salitang kakilakilabot ay kakila kilabot, kakila-kilabot, kakila-kilabot, mahirap, nakakakilabot, nakakagula, nakakatakot, nakakahindik, matindi, masidhi, seryoso, grabe at malubha. Ang kabaligtaran na kahulugan ng kakila kilabot ay banayad, kaaya aya at kahanga hanga. ***Samakatuwid mula sa gayong paglalarawan kailangan mong maunawaan na ang kalikasan ng Diyos sa gawain ay kakila kilabot at Siya ay nasa likod at kontrolado ang lahat ng mga nakakagulat na karanasan, ng digmaan, lindol, baha, bagyo, tsunami, bulkan, at ang mga pandemya, na ang mundo ay dumadaan. May mga tao kapag nakikita nilang nangyayari ang mga ganyang bagay ay tinatanong nila, Nasaan ang Dios? Ngunit hindi nila namamalayan na ginagawa ng Dios ang lahat ng mga kakila kilabot na pangyayaring ito upang magpakumbaba at durugin ang kapalaluan ng mga tao, upang ihanda ang kanilang mga puso upang marinig at sundin ang Salita ng Dios.***

Ang Dios ay nasaktan laban sa mga taong sumasalungat sa Kanyang kalooban. ***Samakatuwid ang simbahan na masunurin sa Dios at nagpapasakop sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban, kung gayon ang naturang simbahan ay makakahanap ng Dios na isang sindak laban sa anumang kaaway na magtataas laban sa Kanyang simbahan.*** Nang umalis ang bayan ng Dios sa Egipto, ang Dios ay isang kakila kilabot na sindak sa kanilang mga kaaway. Natakot ang mga kaaway sa bayan ng Dios nang marinig kung paano binuksan ng Dios ang dagat sa harap nila upang tumawid sa tuyong lupain at hinayaan niyang lumubog sa tubig ang mga hukbo ni Faraon, ***“14 Narinig ng mga bayan; at sila'y nanginig: Mga sakit ang kumapit sa mga taga Filistia. 15 Nang magkagayo'y natulig ang mga pangulo sa Edom; Sa matatapang sa Moab, ay panginig ang sumasakanila: Lahat ng taga Canaan ay nauubos.” (Exodu 15:14-15 KJV)*** Ang mga kaaway ng bayan ng Dios ay mahihindakutang marinig kung paaanong pinatuyo ng Dios ang tubig sa Jordan upang hayaan ang Kanyang bayan ay dumaan sa tuyong lupa, ***“1 At nangyari, nang mabalitaan ng lahat ng mga hari ng mga Amorrheo na nasa dako roon ng Jordan sa dakong kalunuran, at ng lahat ng mga hari ng mga Cananeo, na nangasa tabi ng dagat, kung paaanong tinuyo ng Panginoon ang tubig ng Jordan sa harap ng mga anak ni Israel, hanggang sa kami ay nangakatawid, na nanglumo ang kanilang puso, at sila'y nawalan ng loob dahil sa mga anak ni Israel.” (Josue 5:1 KJV)***

“6 Kaniyang pinagiging tuyong lupa ang dagat: sila'y nagsidaan ng paa sa ilog: doo'y nangagalak kami sa kaniya.” Matapos umalis ng bayan ng Dios sa Egipto sila'y dumaan sa tuyong dagat at tuyong ilog ng Jordan upang tumawid patungong lupang pangako, doon ang kanilang mga ninuo ay nagalak sa Kanya, at sila ay nasa kanilang tagiliran, doo'y nangalak sila sa Kanya,

“7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man: papansinin ng kaniyang mga mata ang mga bansa: huwag mangagpakabunyi ang mga manghihimagsik. (Selah)” Nakikita ng Dios ang lahat ng mga bansa sa ilalim ng langit. at Siya ang namamahala sa lahat ng ito sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Kaya't huwag mangahas ang mga may pusong mapanghimagsik na mag alsa laban sa Dios. Binabalaan Niya sila. ***Samakatuwid ang mayabang ay magpakumbaba sa harap ng Dios at matakot sa Kanya upang maiwasan ang paghatol ng Dios.***

“8 Oh purihin ninyo ang ating Dios, ninyong mga bayan, at iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan:” Tinatawag ng Mang-aawit ang bayan ng Dios, ang Kanyang simbahan upang purihin ang Dios. Batid ng Mang-aawit na mayroong ibang mga taong kasama Niya na batid ang Dios at kumakapit sa Kanyang pagibig at awa. Ang tawag ay paruhin ang Dios, at kapag pinapurihan natin Siya ay ginagawa nating marinig ang mga tinig ng mga papuri. Karapat dapat ang Dios sa mga papuri na ito mula sa atin, sapagkat tinubos Niya tayo mula sa ating mga problema, nakikipaglaban sa ating mga digmaan para sa atin at sinisira ang ating mga kaaway. Isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo, na namatay para sa ating mga kasalanan, at iniligtas tayo, kaya marapat lamang ang ating mga papuri sa Kanya. Sa sumusunod na mga talata, 9-12, makikita kung paano pinahintulot sa atin ng Dios, na ating simbahan, na dumaan sa mga pagsubok at problema upang mapatunayan sa atin at maging ganap ang ating pananampalataya at maitatag ang pagkatakot sa Panginoon.

“9 Na umaalalay sa ating kaluluwa sa buhay, at hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa.” Pinapupurihan natin ang Dios at pinupuri natin Siya dahil pinoprotektahan at iniligtas Niya tayo mula sa matinding paghihirap. Hawak Niya ang ating mga kaluluwa; kapag handa na tayong mapahamak. Itinataguyod Niya ang ating kaluluwa at ligtas tayo sa Kanyang kamay kahit na dumadaan tayo sa mga kalamidad na pumapatay at pumapatay ng mga sakit. Hindi Niya pinahihintulutan ang ating mga paa na magalaw, pinipigilan tayo na mahulog sa maraming hindi nakikitang kasamaan na hindi natin alam.

“10 Sapagka't ikaw, Oh Dios, tinikman mo kami: Iyong sinubok kami na para ng pagsubok sa pilak.” Ang mga pagsubok at kadalambahatian na ipinahintulot ng Dios na pagdaanan natin ay upang pagtibayin tayo, pasakdalín ang ating pananampalataya, linisin tayo, at pabanalín tayo gaya ng pilak ay pinakinis at pinatibay.

“11 Iyong isinuot kami sa silo; ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang.” Tulad ng ibon na nahuli sa lambat, pahihintulutan tayo ng Dios na makapasok sa lambat at maglagay ng mga paghihirap at pasanin sa ating balakang. Ang paghihirap ay maaaring magdala ng pasanin sa katawan. Ngunit kapag sinabi Niya, ay **“naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang.”** nangangahulugan ng paghihirap sa kaluluwa, sa damdamin, sa ating mga anak at sa ating mga inapo, yaong mga hindi pa ipinanganak, na nasa ating balakang.

“12 Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo; kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig; nguni't dinala mo kami sa saganang dako.” **“Iyong pinasakay ang mga tao sa aming mga ulo;”** ang ibig sabihin nito ay paghamak, ang pang-aabuso at ang pagpapahiya na hiniyaan ng Dios na dumating sa atin. **“kami ay nangagdaan sa apoy at sa tubig;”** Ibig sabihin ay pasan ang iba't ibang uri na ipinahintulot sa atin at sa paulit-ulit na paraan kung saan ang katapusan ng ating kaguluhan ay pasimula ng iba, **Sa tiyak na pagkakataon ipinahintulot ng Dios ang pagsubok pagkatapos ng isang pagsubok, problema ng pagkatapos ng isang problema.** Ginawa Niya iyon upang pakumbabain tayo. Apoy at tubig, ay maaring maging mapanganib na mga tao na lulusob sa atin, o disiplina ng Dios para sa kasalanan, o pagharap sa paguusig. Ang lahat ng mg kaguluhang ito ay upang dalisayin ang simbahan, at kapag ang layunin sa paglilinis sa simbahan ay nakamit, kung gayon tayo'y magtatapos sa **“saganang dako,”** isang lugar ng kasaganaan; ang buhay muli ay magiging matamis at ang papuri ay bibigkasing muli sa ating mga bibig patungo sa langit. Pinapahintulot Niya ang mga tao na sumakalay sa atin upang pakumbabain tayo at durugin ang ating kapalaluan at linisin tayo mula sa ating mga kasalanan. Ang layunin ng Dios ng lahat ng pagsubok na ito ay magtatapos sa paggawa ng isang bagong tao na may takot sa Dios, at magtatampok sa mga sumusunod:

1. “13 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin, aking babayaran sa iyo ang mga panata ko.” Ang taong natatakot sa Dios ay taong may kamalayan at nagbibigay parangal sa simbahan ng Dios. Batid niya na dapat Siyang maghanod ng mga handog sa publiko na makikilala ng lahat na siya'y natatakot sa Dios at lumalakad sa mga landas ng Dios. Kusang-loob at walang pamimilit siya ay lalapit sa simbahan ng Dios; kusang-loob siyang pumunta sa bahay ng Dios upang dalhin:-

A- Ang Kanyang handog na susunugin: Ang kaluhugan ng handog na susunugin ay ang buong pagsuko sa Dios. Ito ay kusang-loob na ginawa, kusang-loob na ibigay ng iyong buhay, ng iyong kalooban at iyong materyal na pag-aari sa Dios.

B- Ang Kanyang mga panata ko: Ang mga panata na ipinangako niya upang tupdin sa Dios, **“14 Na sinambit ng aking mga labi, at sinalita ng aking bibig, nang ako'y nasa kadalambahatian.”** Habang dumadaan tayo sa mga problema pipilitin tayo ng Diyos na magpakumbaba, at papatnubayan tayo na gumawa ng mahahalagang desisyon sa anyo ng mga panata na kailangan nating tuparin kapag tayo ay pinagaan ng Dios.

2. “15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin, na may haing mga tupa; ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. (Selah)” ay nangangahulugan ng perpektong mga sakripisyo na walang depekto, hindi pilay o payat, ngunit ang pinakamahusay na pinakain hayop. **“na may haing mga tupa”** ang lalaking tupa ay nagpapahiwatig ng Panginoong Jesucristo at ang insenso ang ating mga panalangin. Walang kahulugan ang ating mga sakripisyo kung wala ito sa pangalan ni Jesus, at naayon iyan sa Kanyang Salita.

3. “16 Kayo'y magsiparito at dinggin ninyo, ninyong lahat na nangatatatakot sa Dios, at ipahahayag ko kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaluluwa.” Ang bagong tao na natatakot sa Dios ay tatawagin ang iba na may takot sa Dios, ang simbahan, upang sumama sa kanya upang purihin ang Dios at tulungan siya sa pagbibigay ng pasasalamat sa Dios. **Kailangan nating ibahagi ang ating mga tagumpay at patotoo sa mga taong may takot sa Dios, at sabihin sa kanila kung ano ang mabubuting bagay na ginawa ng Diyos sa atin.**

4. “17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig, at siya'y ibinunyi ng aking dila.” Ang bagong tao na natatakot sa Dios ay magpapatotoo sa simbahan na ang mga pagsubok na pinahintulot ng Dios na pagdaanan ng mga ito at sapilitang para kanya upang magsisi mula sa mga kasalanan; ang pagsigaw niya sa Dios ay pagiyak ng pagsisisi, at bilang siya'y nagsisi, Ang Dios at itinaas at niluwalhati sa pagpapapuri sa Kanya.

5. “18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon:” Ngayon alam ng bagong taong ito na kung pinahalalagahan niya ang kasalanan sa kanyang puso at itinatago ito

sa kanyang buhay kung gayon hindi sasagutin ng Dios ang kanyang mga panalangin. **Ang bagong taong ito na may takot sa Dios ay may katiyakan ng kapatawaran at kaligtasan.**

“19 Nguni’t katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin.” Ang Dios sa pagsagot sa kanyang mga panalangin ay nagbigay sa kanya ng katiyakan ng kapatawaran at pagsang ayon sa katuwiran na siya ay nabubuhay kaya tinapos niya ang awit, **“20 Purihin ang Dios, na hindi iniwaksi ang aking dalangin, ni ang kaniyang kagandahang-loob sa akin.”** Sinagot ng Dios ang kanyang mga panalangin para sa Dios hindi tinalikuran ang Kanyang awa sa kanya. **Samakatuwid, ang Dios ay magiging mabuti sa atin kapag sumunod tayo sa Kanya hindi dahil tayo ay mabuti kundi dahil Siya ay mabuti at maawain.**

Sa aking mahal at minamahal: Habang binabasa at naririnig mo ang mensahe; tuklasin kung nasaan ka ngayon sa iyong paglalakbay at paglakad kasama ang Dios; ang awit na ito ay magandang salamin para sa iyo upang makita mo ang iyong sarili at makita kung nasaan ka sa iyong espirituwal na paglalakbay kasama ang Dios. Gumagawa ang Dios ng bagong tao mula sa iyo, isang tao na may takot sa Dios at mananatili sa kalooban at plano ng Dios. Ang masakit na pagsubok at ang masakit na disiplina at ang paghihigpit na iyong pinagdadaanan ay gumagawa sa iyo ng isang bagong tao ng Dios na natatakot at lalakad nang tapat sa mga landas ng Panginoon. Samakatuwid, ipagkatiwala ang iyong sarili ngayon sa Diyos at maging handang sumailalim sa natitirang bahagi ng iyong paglalakbay kasama ang Diyos hanggang sa matapos Siya sa iyo.

Tumayo tayo. Lumapit sa Dios, Lumapit sa pagsisisi, at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at pagkukulang. _____ Talikuran ang iyong masasamang lakad _____, at isuko ang iyong buhay at puso at maging ang lahat ng iyong mga plano sa Dios. Magtiis sa mga masakit na pagsubok na iyong pinagdadaanan. Ang Dios ay gumagawa ng isang bagong bagay sa iyong buhay. Ginagawa ng Dios mula sa iyo ang isang tunay na tao ng Dios, isang tao na gagawin ang lahat ng nais Niyang gawin mo at upang makamit ang mismong layunin ng Dios.

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangala ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong salita na ginawa mong maunawaan ko ang buhay at king akong pinagdadaanan ko.

Panginoon Ako ay nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon Tinatalikdan ko ang lahat ng aking masasamang gawi, makasalanang mga paraan at ang aking sariling kaunawaan.

Panginoon Aking isinuko ang aking buhay at lahat ng aking mga plano sa iyo. Panginoon narito Ako, Handa akong sumunod sa iyo at yumaon sa iyong mga plano na mayroon ka paara sa akin.

Panginoon Ipinangako ko ang akong buhay sa iyong kamay upang linisin ako at padalisayin ako at gawin akong bagong nilalang na natatakot sa iyo at tumalima sa iyong kalooban. Panginoon itaas mo akong iyong biyaya at haayang mga iyong mga papuri mamutawi sa aking bibig habang Ako’y saksi sa dakila mong gawa sa aking buhay.

Panginoon pagpalain ang iyong simabahan, pagplain ang isa at bawat i kapatid na lalaki at babae, at patuloy na kumilos sa isa at bawat buhay upang matakot sa iyo at magkusang-loob na lumakad sa lahat ng iyong mga landas.

Panginoon patnubayan kami sa direksyon na nais naming patunguhan. Panginoon harapin ang aming mga kaaway at pakumbabain sila. Panginoon ilaan ang lahat ng kailagan para sa iyong simbahan. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming upang maglingkod sa iyo. Panginoon ang mga nasa pagsisisi puspusin silang muli ng Banal na Espiritu sa gayo’y patuloy nilang paglingkuran ka. Panginoon tulungan kaming mag-evangelio at abutin ang Naliligaw. Panginoon tulungan kami na manalangin para sa kanila at tulungan kaming patuloy na magpatotoo sa kanila tunngkol sa iyong kabutihan at katapatan, na sila’y maniwala at maligtas.

Panginoon pagpalain kaming tunay, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 23. Paano Lumago ang Pagkatakot sa Dios sa ating Buhay. Mga Awit 66:1-20. Pahayag 14:6-7. Exodu 15:14-15. Josue 5:1.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAE AACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com